



## Balita mula sa Prepektura ng Gifu

### Highlights para sa Hulyo 2020

#### Iwasan ma-heatstroke nitong Tag-init!

Ang panganib ng heatstroke ay mas malaki sa tag-init (summer).

Ngayong taon, partikular na nasa peligro tayo ng init na nakulong sa katawan dahil sa mga mask na isinusuot upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

Lalong mag-ingat upang maprotektahan ang sarili mula sa heatstroke at mapalipas ng ligtas ang tag-init.

#### Paano protektahan ang sarili mula sa heatstroke

● Sukatin ang temperatura ng silid nang madalas! Gamitin ang aircon at electric fan ng mahusay. Panatilihin ang temperatura ng silid sa 28 °C.

● Madalas uminom ng tubig kahit hindi nauuhaw!

● Mag-suot ng preskong damit na makakaprotekta sa sikat ng araw kapag lalabas!

● Huwag magtrabaho ng labis at magpahinga nang madalas!

● Kumain ng mga pagkain na balanse sa nutrisyon at i-build up ang pisikal na lakas!



◆ Para sa mga Detalye : Fire Services Division

☎ 058-272-1122 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

#### ● Populasyon sa Prepektura

1,979,516 (nabawasan ng 4,572)

※Abril 1, 2020 hanggang sa kasalukuyan.

※Ang ( ) ay inihambing sa nakaraang buwan.




Gifu Prefectural Public Relations TV Show 「ぎふ県政ほっとライン」 “Gifu Kensei Hotline”



「清流の国ぎふ岐阜県みなもだより」 “Seiryu no Kuni Gifu Gifu Prefecture Minamo Dayori”

Ang “Balita mula sa Prepektura ng Gifu” ay pinapalabas din sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Pindutin ang  button para makuha ang lokal na impormasyon!



#### Hindi na ba Naaasikaso ang Bakanteng Bahay?

Ang bilang ng mga bakanteng bahay ay tumataas. Ang mga bakanteng bahay ay maaaring magdulot ng malaking negatibong epekto sa paligid. Ang wastong pamamahala ng mga bakanteng bahay ay responsibilidad ng nagmamay-ari. Mangyaring makipag-ugnay sa Opisyal na Tanggapan ng “Akiya-sumai General Housing Consultation” kung kailangan ng payo.



#### Halimbawa ng Konsultasyon

- Gustong ibenta o i-demolish ang bakanteng bahay
  - Tamang pamamahala ng bakanteng bahay?
- Bilang karagdagan, magagamit din ang suporta mula sa ilang mga munisipyo.

#### Consultation counter

Akiya-sumai General Housing Consultation (sa loob ng Gifu Housing Development Public Corporation)

☎ 0584-81-8511 (paunang reserbasyon sa Telepono)

◆ Para sa mga Katanungan : Prefectural Housing Policy Division

☎ 058-272-8693 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

# Kahon ng Impormasyon



Paliwanag ng  
Icon



Kaganapan



Pangangalap



Kwalipikasyon/  
Pagsasanay



Iba pa



## Gifu Seiryu Omoiyari: Sistema ng Paggamit sa Parking Permit

Nagtatag ng bagong "plus-one parking area" para sa mga nahihirapang maglakad, at parking permit system.

◆ **Paraan ng Aplikasyon** : Koreo o Personal na aplikasyon

◆ **Ipadala ang Aplikasyon sa Koreo** : Regional Welfare Division

◆ **Personal na Aplikasyon** : Regional Welfare Division, Gifu Regional Welfare Office, at bawat Welfare Division ng Prefectural Branch Offices

◆ **Para sa Katanungan** : Regional Welfare Division ☎ 058-272-8261 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanaping Salita**: ぎふ清流おもいやり駐車場



## Paano Mag-aliw sa Ilog ng Ligtas

Ang mga nagdaang taon ay nakakita ng tumataas na bilang ng mga aksidente sa pagkalunod na sanhi ng biglaang pagtaas ng tubig sa ilog. Mangyaring mag-ingat kapag nagsasaya sa ilog, at bigyang pansin ang mga kondisyon ng ilog at panahon. Ang impormasyon tungkol sa dami ng pag-ulan at water level ay makukuha sa website ng "Disaster Prevention Information for Rivers" ng Prepektura (川の防災情報). Sa pagrerehistro para sa "Gifu Rivers and Roads Alarm Mail" (ぎふ川と道のアラームメール), maaari kang makatanggap sa inyong telepono ng awtomatikong impormasyon tungkol sa malakas na ulan at pagbaha.

◆ **Para sa Katanungan**: River Management Division ☎ 058-272-8603 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)



## Mangyaring Makipagtulungan sa Pagtatapas ng mga Punong nakausli sa Daan

Pinapaki-usapan ang mga may pribadong lupa na asikasuhin ang mga puno na naka usli sa pampublikong daan. Ang maylupa ay maaaring managot sa aksidenteng sanhi ng mga naka-usling sangga ng puno. Gawin ang nararapat na aksyon tulad ng pagtabas ng sanga ng puno, atbp.

Maliban dito, sa mga kalsadang kontrolado ng prepektura, mayroong subsidia para sa pagtabas ng mga puno sa mga pribadong lupa sa tabi ng mga kalsadang ruta ng mga emergency transport o sa tabi ng mga kalsadang papunta sa mga liblib na nayon. Hinihikayat na gamitin ninyo ang subsidiang ito.

◆ **Para sa Katanungan** : Regional Civil Engineering Office's Facility Management Division o Gifu Prefectural Road Maintenance Division ☎ 058-272-8572 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)



## Para sa mga gustong magpamasaha ng Anma Massage o Shiatsu (Finger Pressure Massage)

Mayroong dalawang kategorya ng mga massage treatment sa Japan: (1) mga kinakailangan ang pambansang kwalipikasyon tulad ng mga *anma* massage, *shiatsu*, acupuncture o moxibustion at (2) mga hindi kailangan ng pambansang kwalipikasyon tulad ng kiropraktika. Upang matukoy ninyo ang mga mayroon o walang pambansang kwalipikasyon, inilathala sa website ng prepektura ang listahan ng mga establisimyentong may taong nagsasanay na may kwalipikasyon.

◆ **Para sa Katanungan**: Pinakamalapit na Public Health Center o Gifu Medical Institutions Management Division ☎ 058-272-8265 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)



## "Repeated Offenses" Prevention Awareness Month

Ang Hulyo ay awareness month sa pagiwas sa "Muling Paggawa ng Krimen". Ang prefecture ay bumuo ng "Gifu Prefecture Repeated Offenses Prevention Promotion Plan" na makikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon upang isagawa ng maayos ang rehabilitasyon ng mga taong nakagawa ng krimen at upang makabalik sila sa lipunan bilang mga miyembro ng komunidad, na may pag-unawa at kooperasyon ng mga mamamayan ng prepektura.

◆ **Para sa Katanungan**: Regional Welfare Division ☎ 058-272-8435 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

## Talakayin natin ang Sustainable Development Goals (SDGs)!



### Target 4 Mataas na Kalidad ng Edukasyon para sa Lahat!

Ang Gifu prefecture ay sumusuporta sa mga inisyatibong pang-edukasyon tulad ng *Furusato* Education (nanghihikayat ng pagmamalaki at pagmamahal sa Gifu prefecture), Career Education, at ICT (Information and Communications Technology) atbp. na may makabagong ideya at teknolohiya upang makapaghandog ng aralin na nababagay sa pangangailangan ng indibidwal, na may layunin mapalawak ang talento at pagkatao ng bawat tao.



◆ **Para sa Katanungan** : Child and Family Division ☎ 058-272-8728 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Mayo 29, 2020.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎ 058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp>